

Pamumuhunan sa Mga Paaralan ng Pangkomunidad na Wika

Papel ng Kaalaman

Ang Pamahalaang NSW ay magbibigay ng dagdag na \$10.9 milyon upang lalong palaguin ang kapasidad ng Programang Mga Paaralan ng Pangkomunidad na Wika

Programang Mga Paaralan ng Pangkomunidad na Wika

Mahigit sa 34,000 na nasa edad -pag-aaral na mga estudyante ng New South Wales ang nag-a-'access' sa pagkatapos-ng-oras sa paaralan na mga klase sa pangkomunidad na wika para malinang, mapanatili o makamtan ang kanilang pambansang wika.

Noong 20 ng Mayo 2017, ipinahayag ng Premier na mayroong dagdag na \$10.9 million ang ibibigay para maitatag ang kapasidad ng Community Languages Schools Program.

Itong pagpopondo ay magpapalaki sa total na pinuhunan sa pangkomunidad na mga wika sa pamamagitan ng pagkombinasyon ng pagpondo sa bawat tao, mga pagpapaganyak, at pag-access sa mga mapagkukunan. Itong mga inisyatiba na ipinagsama sa bonus para sa mga nararapat na mga paaralan, ay naglalarawan ng total na pamumuhunan na nagkakahalagang \$210 sa bawat estudyante ng NSW sa susunod na apat na taon.

Pakikipagsosyohan sa Sydney University

Ang Kagawaran ay nakipagsosyohan sa Sydney University para maihatid ang mahahalagang mga bahagi ng inisyatiba.

Sa ilalim ng sosyohan, itatatag ng Sydney University ang Sydney Institute for Community Languages Education upang itaguyod ang pagpapapasok ng pangkomunidad na mga wika at makipagkayarian sa mga tersaryong institusyon na dagdagan ang pagkuha ng mga guro sa wika na bihasa sa unibersidad.

Mga mapagkukunan ng mataas na kalidad sa pagtuturo at pagtatasa

Mayroong 'online web portal' na magagamit ang mga guro sa pangkomunidad na wika upang ma-access ang may kalidad na mapagkukunan para pangsuyod sa pagtuturo at pagtatasa ng mga kasanayan sa wika.

Magbubuo rin ng karagdagang mga 'K-10 language syllabus' para sa pinakakaraniwang itinuturong mga wika.

Mga pagkakataon sa propesyonal na pagkakatuto para sa mga guro

May 200 na 'scholarships' ang makukuha bawat taon para sa mga boluntaryong guro ng pangkomunidad na wika para magsagawa ng propesyonal na pagkakatuto sa Sydney University. Itong mga 'scholarships' ay magpopokus para palakasin ang 'teaching pedagogy' (disiplina sa teoriya at praktis ng pagtuturo).

Bagong mga sistema sa pagkakatuto at suporta

Ang isang bagong 'online passport' ang magmomonitorya sa progreso ng estudyante sa pag-aaral ng wika. Ang mga estudyante ay mayroong talaan ng kanilang mga nakamtan sa pagkakatuto na magagamit upang mailarawan ang lebel ng kanilang kahusayan.

Ang isang sistemang 'online learning management' ay mag-aalis sa kabigatan ng pag-aasikaso sa mga Community Languages Schools. Itatala ng sistema ang datos ng estudyante at guro, kabilang ang pagpapatala, partisipasyon at propesyonal na pagkakatuto.

May gagamiting karagdagang mga Propesyonal na Opisyal sa tatlong taon para masuportahan ang mga Community Languages School na masanay sa bagong sistema, at mabigyang-diin ang pagsasanay at makukuhang mga mapagkukunan para sa kanilang mga guro.

Dagdag na direktang pagpopondo para sa mga Community Languages School

Mahigit sa \$2 milyon na mga bayad pangganyak ang direktang ilalagay sa mga Community Languages School na nakaangkin sa bagong sistema ng pamamahala sa pag-aaral at naabot ang propesyonal na pagkakatuto at iba pang mga layunin

Para sa karagdagang impormasyon puntahan ang <http://www.dec.nsw.gov.au/what-we-offer/community-programs>